



## INILABAS NA BALITA

**PARA SA AGARANG PAGLABAS:** Ika-8 ng Marso, 2019

**KONTAKIN SI:** Kristine Roselius - 415.749.4900

## **Mahigpit na sinusubaybayan ng Air District ang pagliliyab sa Dalisayan ng Chevron**

***Sumasailalim sa pagsisiyasat ang mga kaganapan ng pagliliyab***

**SAN FRANCISCO** – Inanunsyo ng Bay Area Air Quality Management District (Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area) ngayong araw na ang kasalukuyang mga insidente ng pagliliyab sa Dalisayan ng Chevron sa Richmond ay nagresulta sa tumaas na pagsusuri ng data ng pagsubaybay pati na rin ng mga pagsisiyasat sa naging sanhi ng mga kaganapan.

Ang mga kaganapan ng pagliliyab na nangyari noong Enero, Pebrero at ang kamakailan ay ika-6 ng Marso, 2019, ay nagresulta mula sa mga pagpalya ng kuryente sa panahon ng malalakas na ulang kasama ng unos. Nangyari din ang mga kaganapan ng pagliliyab dahil sa pagkokomisyon ng bagong planta ng hydrogen. Anim sa walong kaganapan ng pagliliyab noong 2018 sa Chevron ay sumunog ng hydrogen, na nasusunog nang napakalinis. Kasalukuyan nang sinisiyasat ang bawat isa sa mga kaganapang ito ng pagliliyab.

“Nagkaroon ng tumataas na bilang ng mga kaganapan ng pagliliyab sa Dalisayan ng Chevron sa mga nagdaang linggo dahil sa pagkokomisyon ng bagong planta ng hydrogen sa pasilidad sa Richmond,” sabi ni Jack Broadbent, tagapagpaganap na opisyal ng Bay Area Air District. “Mahigpit naming sinusubaybayan ang pagliliyab sa dalisayan at sinisiyasat ang bawat kaganapan upang masiguro na napoprotektahan ang pampublikong kalusugan. Mahalaga na may kaalaman ang publiko na ang bawat pagliliyab ay mahigpit na sinusuri at sinisiyasat ng Air District.”

Matatagpuan ang mga flare sa lahat ng dalisayan sa Bay Area at mahahalagang device sa kaligtasan. Sinusunog ng mga flare ang mga gas ng proseso ng dalisayan na kung hindi ay tuwirang inilabas sa atmospera at dinisenyo upang protektahan ang publiko, mga manggagawa sa dalisayan at ang mga kagamitan ng dalisayan.

Iniuutos ng mga regulasyon ng Air District sa Chevron na magsumite ng isang Ulat ng Sanhi ng Flare na nagdedetalye ng ugat na dahilan ng bawat insidente at magbigay ng mga pampigil na hakbang na ipapatupad pagkatapos ng pag-apruba ng Air District upang maiwasan ang muling pangyayari ng pagliliyab. May 60 araw ang Chevron mula sa katapusang ng buwan ng insidente na magbigay ng mga ulat sa Air District.

Ang mga regulasyon sa flare ng Air District ay ilan sa una at pinakakomprehensibong tuntunin sa pagsusubaybay sa flare sa bansa. Layunin ng mga tuntuning ito na bawasan ang mga emisyon mula sa mga flare sa mga dalisayan ng petrolyo sa pamamagitan ng pagbawas ng dalas at laki ng

pagliliyab. Mula nang pagtibayin ang mga regulasyon na ito sa flare, malaki ang nabawas sa mga kaganapan ng pagliliyab sa mga dalisayan.

Tingnan ang mga tsart:

**Dami ng Gas na Nagliyab sa Butas ng Dalisayan:** <http://www.baaqmd.gov/flarevolume>

**Dalas ng mga Kaganapan ng Pagliliyab:** <http://www.baaqmd.gov/flarefrequency>

Inaatasan ng mga tuntuning ito na gawin ng mga dalisayan ang mga sumusunod:

- Subaybayan ang dami at komposisyon ng mga gas na nasunog
- Kalkulahin ang mga emisyon batay sa nakolektang data
- Tukuyin ang sanhi ng flare at pigilan na muling mangyari ito
- Magsumite ng Pagsusuri ng Ugat na Sanhi sa Air District
- Subaybayan gamit ang video at itala ang mga flare
- Buwan-buwang isumite ang data sa Air District

Makikita ang data ng flare sa website ng Air District sa:

<http://www.baaqmd.gov/about-air-quality/research-and-data/flare-data>.

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ay ang panrehiyong ahensiya na responsable para sa pangangalaga ng kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

**KALAKIP:** *Pag-unawa sa mga Flare ng Dalisayan graphic*

# # #

---

*Tanggapan ng Air District tungkol sa Mga Pakikipag-ugnayan  
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105  
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Inilabas na Balita](#)*